(Nang buyan ng Marso ng taong 1896 sina Lus Gatmaitan at Doroteo Karagdag at mga kasama ay napaanib sa nasabing kapisanan na pinangungunahan ng SUPREMO ANDRES BONIFACIO, na natatag sa daang Candelaria, Tundo, Maynila ng ika-7 ng Hulyo ng taong 1892, sa bahay ni G. Adeodato Arellano, bayaw na buo ni Gat MARCELO H. DEL PILAR. Ang dalawang binatang ito at mga kasama

ay binigyan ng pahintulot at kapangyarihang makapagtatag ng mga Balangay ng Kapisanan sa lalawigan ng Bulakan.

Sa Malolos unang natatag ang “BALANGAY APOY” na ang bumuo ng pamunuan ay sina: Luis Gatmaitan, pangulo; Ramon de Leon, kalihim; Victoriano Gatmaitan, ingatyaman; Antonio Bautista, tagausig; Gregorio Santos, taliba; at Isidoro Torres at iba pa, mga kasapi.

Palibhasa’y si Doroteo Karagdag ay taga Bulakan, Bulakan, kaya doon siya unang nagtatag ng isang Balangay na pinamagatang “ULIRAN,” na ang bumuo ng pamunuan ay sina: Doroteo Karagdag, pangulo; Anacleto Enriquez, kalihim; Vicente Enriquez, ingatyaman; Manuel Garcia, tagausig; at Ricardo Martin. Ang pamunuan ay daling nagpasimula ng pagtanggap sa mga bagong sasapi sa Kapisanan. Sa pagsubok o inisasyon ay doon sa pook na kung tawagin ay KABABAN, hindi LIBIS ng gaya ng palagay ng iba, pagaari ni G. Francisco Fernando, ama ni Dr. Juan Fernando.)

Nang dumating ang buwan ng Hunyo ng taong 1896 kaming mga nagaaral sa mga paaralang Ateneo de Manila at Escuela Normal de Maestros na pinamamahalaan ng mga paring Heswita ay nagsiluwat sa Maynila upang magpatuloy ng pagaaral. Datapwat ng umabot sa kaalaman ng prayleng Kastila Mariano Gil, kura sa Tundo, Maynila, ng ika-19 ng Agosto ng 1896 ang pagkakatatag ng KATIPUNAN at ng kanyang layunin, ang mga nagaaral sa Ateneo de Manila ay isa-isang umuwi sa Bulakan, Bulakan. Ako ay nagpaiwan dahil sa ang aking mga kasamahang nagaaral sa Escuela Normal de Maestros na sina: Emiliano at Daniel Tirona,

Flaviano Yenko ng Kabite, Eusebio Panuncio ng Batangas, Melencio Madrigal ng Marinduque, Eduardo Llanera ng Nueva Ecija, Simeon Mandak ng Ilokos Sur, Cipriano Vecuna ng Laguna; Mariano Leuterio ng Mindoro, Ramon Alvarez ng Zamboanga, Mindanao at Adeodato Lava ng Bulakan, Bulakan ay hindi nababalisa.

Dahil sa pagsiklab ng Himagsikan ng ika-26 ng buwan ng Agosto ng 1896 sa pamumuno ng Supremo ANDRES BONIFACIO ang mga pinuno at mga kasapi sa iba't ibang Balangay ng Katipunan sa bayan-bayan ay nagpulong at ipinasyang magsilabas na ng bayan at nagkatipon sa Masukol, Paombong, Bulakan sa ilalim ng pamumuno ni G. Isidoro Torres, Pangunahing Pinuno o Hepe ng mga manghihimagsik.

Dahil sa pagilag sa mga mararahas at malupit na pahirap at parusa na ginagawa ng mga maykapangyarihang Kastila ay naipon sa Masukol ang may tatlong libong anak ng bayan na walang panglaban maliban sa mga TALIBONG, SIBAT NA BAKAWAN, BUHONG BOKAUE, ilang BARIL AT REBOLBER. Dahil din sa paglaganap ng nagaapoy na himagsikan ang aking mga kasamahang nagaaral sa ESCUELA NORMAL DE MAESTROS ay napilitan ding magsiuwi sa kani-kanilang bayan at nagkataon namang siyang pagdating ng aking ama upang ako'y iuwi na sa Bulakan sa nayon ng Pitpitan.

Nang malaman ng magkapatid ng Julian at Gregorio ang aking pagdating ay ipinatawag agad upang makisama sa paguusapan at pagpapasyahan kung ano ang dapat gawin sa kasalukuyang nangyayari. Sa pulong ay pinagkasunduang

magtungo sa Masuko at makisama sa may tatlong libong Katipunerong naiipon doon. Kaya nga ng ika-13 ng buwan ng Nobyembre ng 1896 ay naparoon kami nina Julian, Goyo at mga kasama. Hindi kami nagtagal doon at nagbalik sa Pitpitang pinanggalingan namin dahilan sa ang pook ay totoong mahina at mapanganib. Kaya noon pa lamang nasabi ko sa sarili na si Goyo ay may karanasan yata sa pagkamilitar.

Pagkaraan ng dalawang araw makapanggaling doon ay tumanggap kami ng pasabi na ang KANONERONG NAPIDAN ay dumaong sa bukana ng WAWA upang alamin ang gagawing paglusob sa mga katipunerong naiipon doon. Dahil sa kakulangan ng sandatang panglaban at mahirap ipagtanggol ang pook ay ipinasyang umakyat ng bundok. Binagtas nila ang bayan ng Hagunoy. Pagdating nila sa nayon ng Bagbag, bayan ng Kalumpit ay napalaban. Maraming Katipunero ang napatay. Ang mga natira ay nagpatuloy hanggang sa makarating sa bayan ng San Rafael, Bulakan. Sa patio at sa loob ng simbahan nagipon. Hindi nagluwat ay sinalakay sila ng mga kaaway. Lalong maramiraming buhay ang naputi sa labanang ito, kabilang ang Pangalawang Pinunong ANACLETO ENRIQUEZ na taga Bulakan, Bulakan. Ang mga natira sa labanan ay nahati sa dalawang pangkat. Ang una ay nagtungo sa bundok ng Balingkupang at ang ikalawa'y sumama sa hukbo ni Hen. EUSEBIO ROQUE, alias Maestrong Sebio, sa bundok ng Kakarong, Pandi, dating sakop ng Bigaa.

Nang magtatapos ang buwan ng Nobyembre ng 1896 kaming magkakasama na naiipon sa nayon ng Pitpitan ay naparoon sa Kakarong upang makisama sa hukbo ni

Maestrong Sebio, pinakamataas na puno doon. Humarap kami sa kaniya at malugod na tinanggap ng Supremo, kaya noon din ay nabilang na kawal ng Inang Bayan na magtatanggol sa kaniya.

Nang ika-25 ng buwan ng Disyembre ng 1896, araw ng Pasko, kaming lahat na nasasakupan niya ay tinipon sa ibabaw ng gulod upang alalahanin ang pagsilang ng “DAKILANG MANANAKOP,” ipagbunyi at dakilain ang ating “BANDILA” at luwalhatiin ang K.K.K. Nang kinahapunan ay ginanap ang pagsasanay ng mga kawal sa lubos na kasiyahan at galak at ipinagsigawang “MABUHAY, MABUHAY” ang ating Inang Bayan.

Nang ika-27 ng hapon ng buwan ding ito ay muli kaming tinipon sa ibabaw ng bundok na malapit sa aming kuwartel upang manumpa at humalik sa “BANDILA” bilang pagpapakilala ng handang magpakamatay ng dahil sa iniibig at minamahal na bayan.

Nang ika-28 ng Disyembre bago magumaga ay handa na kami, kaya nga't nang ang araw ay pantay tao na ay nakita na naming ang bayan ng San Rafael, na aming papasukin at sasalakayin. Nang pumapasok sa kabayanan ay nagpapatok ng PALKONETE o LANTAKA na halos ikinabingi ng lahat dahil sa tunog. Nagpatuloy kami hanggang sa harap ng tribunal at dito nakilaban ng harapan, nguni't hindi namin nakayang magapi ang kaaway sapagka't nasa matibay na tanggulan sila. Iniwan namin ang pakikilaban dahil sa tinanggap na pasabi na may maraming dumarating na saklolo sa kalaban na galing sa Baliwag at Norzagaray. Nang makalayo na kami ay nakadinig ng putukan, pagkat

ang akala ng mga sumaklolo ay kami na ang naroroon sa kombento.

Dahil sa pangyayaring ito ay kami naman ang pinagtalakupan sa Kakarong ng mga Kazadores, Infanteria at Guardia Civil ng unang araw ng Enero ng taong 1897, na nanggaling sa Sta. Maria, Bigaa, Bulakan, Kingwa (ngayo'y Plaridel), Angat at San Rafael. Ang mga anak ng bayan ay lumaan at humarap sa mga kaaway. Maraming anak ng bayan ang nasawi sa labanan nguni't ito'y hindi naging sanhi upang masiraan kami ng loob. Nang inaakala naming hindi magagapi ang kaharap na kalaban sa pook na aming kinalalagyan, ang ginawa ni Goyo del Pilar ay hinawi ng putok ang mga kaaway upang ang mga magkakasama ay magkaroon ng pagkakataong makaiwas at huwag makulong. Sa labanang ito si Goyo ay nadaplisan sa noo ng bala ng baril, ako naman ay tinamaan ng punglo ng baril Mauser na naglagos sa bisig kong kaliwa, at ang kulata ng baril ng kaniyang kuya Julian ay tinamaan ng punglo ng Remington.

Nang kinahapunan matapos ang labanan ay nanuluyan ako sa isang kubo na tinitirahan ng magasawang matanda. Doon ako pinakain at pinatulog. Kinabukasan ng umaga matapos kaming magagahan ay nagpaalam ako sa magasawa at nagbigay ng isang taos pusong pasasalamat. Bago ako pinayagang umalis ay ibinigay sa akin ng matandang babae ang kaniyang tapis na sukob na dinampol na siya kong pinagbitinan ng aking bisig na namamaga. Pinagsamantalahan kong hanapin ang aking mga kasamahan at nang wala akong makita ay pinasimulang

talaktakin ang mga nayon ng Bigaa, Guiginto at Sta. Isabel patungo sa aming nayon ng Pitpitan. Nang dumating ako doon ay nakita kong wala na ang aming bahay at ipinagiba ng KURA sa Bulakan. Sa aking kalilingap sa paligid-ligid ng aming bakuran ay sa darating ang aking AMA at itinanong sa akin kung bakit ako duguan. Ang sagot ko'y tinamaan ng punglo ng baril sa labanan sa Kakarong kahapon ng tanghali. Dagli-dagli akong dinala sa kalawakan ng mga pinyahan at doon itinago dahil sa pangambang baka mabalitaan ng mga kazadores at Guardia Civil. Nang makaraan ang dalawang linggo ay inihatid ako ng aking Ina sa Matimbo, Malolos sa bahay ng magkakapatid ng babae na kapatid ni Pari Juan Aniag. Doon ako nagpagaling sa tama ng bala.

Ang aking mga kasamahang natira ay muling nakisama sa REAL sa Balingkupang. Dahil sa kakulangan ng sandata at kahirapang dinaranas ng mga manghihimagsik sa bundok gaya ng kasalatan sa pagkain ay ipinasiya ng kapulungan ng mga namumuno na ilipat ang REAL sa pook ng Binakod, Paombong. Sa tanggulan sa Binakod ay inayon ang hukbo na binuo ng maraming tauhan na pinamumunuan ni Isidoro Torres. Dito'y umabot sa may dalawangpu't dalawang baril dahilan sa mga Infanteria at Guardia Civil na tumakas at sumama at nakiisang damdamin sa pagtatanggol sa karapatan ng bayan.

Nang buwan ng Marso ng taong 1897 sinalakay ang REAL BINAKOD ng may 500 kawal ng Kastila at ilang maliliit na pangdigmang-dagat. Ang mga manghihimagsik ay nanglaban ng buong katapangan. Ang labanan ay

inabot ng tatlong araw, subali't ang pagkaubos ng punlong panglaban ay napilitan ding iwan ang tanggulan at ipinasiya ng mga pinuno na umakyat na muli sa bundok hanggang sa makarating sa Biyak-na-Bato. Dito si Hen. Torres ang siyang kinikilalang mataas na puno. Pinasasalakay niya ang kaniyang hukbo sa mga nayon at bayan upang mangagaw ng pagkain at sandata, pagka't dito lamang iniaasa ang pagdami nito.

Nang matapos ang labanan sa Binakod ng buwan ng Marzo, noon ay magaling na ako, ay nabalitaan ko na ang dating mga kasamahan ay naiipon sa isang malapad na sasahang malapit sa palaisdaan ni Don Luis H. Del Pilar. Ako'y nagpaalam sa magkapatid na babae at nakisamang muli sa kanila.

Sa pamamalagi namin sa latian at sasahan ay palipatlipat ng pook ang aming ginagawa. Kung minsan nasa Babangad, sa Propio, sa Sta. Cruz, o kaya sa Pakayakaw, Paombong at iba pang pook. Isang araw samantalang nagkakatipon kami sa palaisdaan ni Don Luis may nagbalitang ang kura sa Malolos kasama ang Kapitan Municipal at anim na kazadores bilang taliba ay patungong Bulakan dahil sa isang mahalagang layon. Pinagkaisahang tambangan ang pangkat ng kura sa pagbabalik sa Malolos. Si Goyo'y magkukubli sa Bisita ng Mambog, ang iba ay maglalagay ng harang tulay, ang kanyang kapatid na Julian at ako ay lalagay sa makababa ng tulay upang mamatyag kung may darating na kalaban na mangagaling sa Malolos.

Nang kinahapunan ang pangkat ng KURA sa Malolos ay nagbalik. Pagkalampas ng karuwaheng sinasakayan ng

Kura at Kapitan sa Bisita ay pinaputukan ni Goyo ang pangkat, kaya noon din ay lumagpak sa lupa ang isa sa mga taliba. Ang Kura at ang Kapitan ay nagsibaba sa sasakyan at nagsitawid ng ilog kasama ang natirang taliba pagkat may harang ang tulay.

Makaraan ang ilang araw kami ay umakyat sa Biyak-na-Bato at ipinagbigay alam sa Hen. Aguinaldo ang naging wakas ng pagkakatangbang sa pangkat ng Kura sa nayon ng Mambog. Pagkatapos makapagbigay alam si Ten. del Pilar ay humingi ng pahintulot na masalakay namin ang mga kazadores na nahihimpil sa bayn ng Paombong, Bulakan. Dahil sa labis na pagtitiwala ng Hen. Aguinaldo sa giting at talino ng binata ay agad binigyan ng pahintulot.

Sa pamumuno ni Ten. del Pilar ay nagbalik kami sa REAL. Pagdating doon ay pinasimulan ang paguusap ukol sa paraang isasagawa tungo sa tagumpay. Tulad ng pinagkasunduan, ng dumating ang araw ng Sabado ng buwan ng Sityembre si Ten. del Pilar ay makikituloy sa isang bahay na maliit sa tapat ng pagitan ng kombento at simbahan sa ibayo ng ilog ng bayan ng Paombong. Ang siyam naming mga kasamahan ay makikituloy, bilang ginabi sa kanilang paglalakbay, sa mga bahay na nasa paligid ng kombento at kami naman sa mga bahay na di kalayuan sa simbahan.

Kinabukasan, araw ng linggo, ng tugtugin ang unang eskilada ng kampana kami'y gumising at humanda. Ng tugtugin ang sunod-sunod na Tanya, ang siyam ay sunod-sunod na pumasok sa silong ng kombento. Pagkakita ni

Ten. Del Pilar sa siyam ay dagling pinaputukan ang tanod sa patio ng sambahan. Pagkarinig ng unang putok ay sabay-sabay kaming sumalakay sa paligid at loob ng kombento at simbahan. Nasamsam namin ang dalawangpu't tatlong baril na Mauser at lahat ng kagamitan sa loob lamang ng mga dalawangpung sandali.

Ang malaking tagumpay naming ito ay agad ipinagbigay alam sa Hen. Aguinaldo sa Biyak-na-Bato. Sa malaking galak at tuwa ng Heneral si Ten. Del Pilar ay itinaas ng rango. Ginawang Ten. Coronel. Ang binata ay ipinagdiwang, ipinagbunyi at binati ng mga matataas na Pinunong Pilipino na nangaroon. Sa pamamahayag na ginawa sa karangalan ng aming puno na bagong taas kami ang nangunguna at halos hindi namin napansin ang pagod.

Tumagal kami sa Biyak-na-Bato hanggang sa matapos pagusapan at lagdaan ang kasunduan. Nang ika-14 ng Disyembre, 1897 kami'y inatasan ni Ten. Cor. del Pilar na magsiuwi na sa Bulakan, sapagka't siya'y isinasama ni Hen. Aguinaldo sa Hongkong. Tinagubilinan kami sa pagdating sa Pitpitan, Bulakan ay piliin ang mga sirang baril na siyang ihaharap sa Pamahalaang Kastila sa Bulakan. Yaong matitibay at buo ay ilagay sa isang mabuting taguan upang magamit sa mga araw na darating. Ang lahat ng tagubilin ay isinagawa namin.

Dahil sa hindi pagtupad ng mga Pinunong Kastila sa kasunduan ng Biyak-na-Bato at sa pangako ng Amerika na siya'y tutulungan sa pakikidigma laban sa mga Kastila, si Hen. Aguinaldo ay nagbalik sa Pilipinas kasama si Ten.

Coronel del Pilar at Coronel Leyba upang pasimulan muli ang himagsikan.

Nang mabatid ng bayan ng Bulakan na ang kaniyang mahal na anak ay darating, kaming mga dating kasama sa pangkat ay humanda sa pagtanggap sa kaniya sa pook ng Kay Luntaw, na taglay ay LIMANG DAANG baril na AMBER na lulan ng ilang pamandawang galing sa Kabite. Lunes pa lamang ng umaga, ika-31 ng buwan ng Mayo ng taong 1898, sa ganap na ika-9:00 ng n.u. ay nagdatingan na ang dating kasama at marami pang iba na handang magtanggol sa kaapihan ng bayan.

Kami bilang pangunahing kasama sa pangkat ang siyang nangangasiwa sa pagbibigay ng baril sa mga taong sasama sa pagsalakay sa mga kaaway na nasa loob ng bayan. Nang handa na ang lahat nang ika-11:30 n.g. nilisan namin ang Kay Luntaw. Nang dumating kami sa kabayanan ay dagling kinukob ang lahat ng himpilang kinalalagyan na mga Kastila at Guardia Civil. Sa isang hudyat ng putok ng kuwitis ay sabay-sabay naming tinudla ang mga kaaway sa kanilang kinahihimpilan upang gulatin at sindakin. Sa ganitong pangyayari ay bihirang tumugon ng putok ang mga kalaban, dahil sa akalang napakarami ang dumating.

Makaraan ang sampung araw ng pagkakubkob ay tinangka ng mga kazadores na nasa kombento na lumabas upang makisama sa mga Guardia Civil na malapit sa kinalalagyan namin. Sa pamumuno ni Julian H. del Pilar, kapatid ni Goyo, ay nahadlangan namin sa tulong ng limang kasama. Sa sagupaang ito may napatay at nasugutang mga

Kastila. Silang lahat ay nagbalik sa kombento taglay ang mga patay at sugatan.

Nang ika-23 ng buwan ng Hunyo ng taong 1898, ang Kom. Mauricio Miranda at ako ay inatasang siyasin ang mga tanggulan sa Sta. Ana, Sta. Ines at Bagumbayan upang alamin ang kalagayan ng mga naroroon. Pagdating namin sa Bagumbayan ay siyang pagsampa sa ibabaw ng tanggulan ng Kapitan ng Kazadores na taglay ang isang maliit na bandilang puti. Aming nilapitan at itinanong kung ano ang ibig. Ang sagot ay ibig na nilang makipagkasundo at pagusapan ang dapat gawin. Dagli naming ipinagbigay alam ang bagay na ito sa kay Ten. Coronel del Pilar, pinakamataas na puno sa pagkubkob. Noon din sinulatan ang mataas na puno ng mga kazadores at sinabing bukas, ika-24 ng Hunyo ay paguusapan ang nauukol sa pakikipagsundo, sa bahay ni Manuel Lazaro na nasa tapat ng simbahan.

Nang sumunod na araw, ika-24 ng Hunyo ay pinagusapan ang ukol sa pakikipagkasundo at pagsuko, sa nasabing bahay ni G. Lazaro. Matapos mapagusapan ang mga bagay-bagay ng magkabilang panig ay ipinahayag sa madla ang ganap na pagsuko ng mga kalaban. Nang matalos ng bayan ang bagay na ito ay waring isang bolkan ang pumutok at sumabog. Sigawan magkabikabila. Awitan dini at awitan doon. Lahat halos ng bahay ay may nakaladlad ng watawat. Musiko magkabikabila. Galak at tuwa sa lahat ng dako. Putok ng mga rebentador. Tugtog ng batikaw sa sambahan at sa mga bisita sa lahat ng nayon. Hindi ito ang pinakatampok sa pagsuko ng mga kalaban, kundi nang dumating ang takdang panahon humarap ang hukbo ng manghihimagsik sa harap ng mga suko at nang gawin na

ang pagbibigay ng lahat ng sandata at mga kasangkapan. Samantalang ginagawa ito ang bandila ng nagtagumpay at natalo magkasiping na nakawagayway sa harap ng dalawang lakas. Ang watawat ng BATALYON ng mga Kazadores Blg. 5 nang iniaabot sa Ten. Cor. Del Pilar ay tumulo ang luha ng Kom. Ortiz, pinakamataas na puno. Ang kamatayan sa panig ng mga manghihimagsik ay sina: Ten Cor. del Pilar, Francisco Morelos, Segundo Dempio at Jose de los Reyes at sa panig ng mga kazadores at Guardia Civil ay sina: Gobernador Vicente Curve at Komandante Ortiz.

Dahilan sa malaking tagumpay ay naatasang maging Heneral de Brigada ang Ten. Cor. del Pilar. Ang bagong taas na Heneral ay hindi nagaksaya ng panahon at agad itinatag ang kaniyang hukbo na umabot sa sampung kompanya ang bilang ng unang regimiento ng Brigada na dito ako napasama bilang punong kawal o Teniente ng pangalawang kompanya. Ang kalahati ng regimiento ay biglang napadala sa Kalookan, Rizal ng buwan ng Hulyo upang kalabanin ang mga Kastila na nahihimpil sa Bahay Kalapati, ang tawag. Matapos kaming makipaglaban sa Kalookan ay doon naman ipinadala sa Daang Lemery, ngayo'y Juan Luna, Tundo at hanggang makarating sa harapan ng simbahan ng Binundo. Mula dito'y inatasan kaming magbalik sa Bulakan, sapagka't isinuko na ng mga Kastila ang LOOB ng Maynila, INTRAMUROS, sa mga Amerikano. Dahil dito ang Republika Pilipina nakatatag sa Malolos ay nawalan ng kapangyarihan at karapatang sumakop sa buong Pilipinas.

Nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano ng ika-4 ng Pebrero ng taong 1899, ang unang regimiento

ng Brigada del Pilar ay naatasang sumaklolo sa hukbo ng Republika ng nakikipaglaban sa Kalookan, araw ng Huwebes, ika-7 ng buwan din ito. Pagdating sa pook ng labanan ang Brigada del Pilar ang siyang inihalili sa mga kawal na pinamamahalaan ni Hen. Luna. Sa pamamahala ni Hen. del Pilar at ng kaniyang kapatid na si Coronel Julian del Pilar ang mga kawal ng Brigada ay nakilabang parang leon at tigre dahil sa mahigpitang labanan at sa tuwa sa mga nabubuwal na Amerikano sa mahigpitang putukan. Dahil dito'y halos napuksa ang tauhan ng Unang Regimiento lalong-lalo na ang Unang kompanyang pinamamahalaan ko. Sa labanang ito si Cor. del Pilar ay tinamaan ng punlo sa kaliwang balakang at si Hen. Del Pilar ay hindi mapaknit sa pamamaril sa kalaban.

Kinabukasan sa pagitan ng Meycauayan at Marilao ay muli kaming napalaban. Dito'y napatay ang isang pinunong Amerikano. Ang kasama kong Punong Kawal Felix de Jesus ay tumanggap ng apat na tama ng punlo ng kaaway, na hindi naman lubhang kabigatan.

Pagdating namin sa Bulakan, Bulakan muling ginawa ang panibagong tatag ng Unang Regimiento ng Brigada del Pilar dahil sa karamihan ng nalagas sa laban sa Kalookan, upang ilaan sa mga labanang darating. Nang unang linggo ng buwan ng Abril ay iniwan namin ang bayan ng Bulakan sapagka't ang mga kalaban ay hindi daraan sa Taliptip kundi sa Bigaa, kaya kami sa Sta. Rita, Guiginto lumagay at dito nagantay sa pagdating ng kaaway. Dito ay napalaban kami. Sa aming panig ay dalawang pinuno ang nasawi, sina: Kom. Adeodato Manahan ng Bulakan at Kap. Delfin Velilla ng

Polo, Kabo Pascual Salvador at ilang kawal. Ang lahat ay doon nalibing sa libingan ng Kingwa, ngayo'y Plaridel.

Pagkaraan ng labanan dito sa Kingwa, ngayon nga'y Plaridel kami naparaan at doon lumaan sa pakikilaban sa mga kaaway na manggagaling sa Barasoan, Malolos. Sa unang araw ng labanan ika-22 ng Abril ay isang Korneting Amerikano ang napatay. Nakuha ang bangkay nito sapagka't naiwan ng mga kasamahan at doon nalibing sa libingan ng bayang Baliwag. Sa ikalawang araw ika-23 ng buwan ding ito ay si Coronel Stotsemburg naman ang napatay.

Sa Sto. Cristo ng Pulilan ay muli kaming napalaban at dito napatay ang kabayong sinasakyan ni Cor. del Pilar dahil sa tama sa tiyan. Matapos ang labanan dito ay humimpil kami sa nayon ng Makinabang, Baliwag upang mamahinga dahil sa apat na araw na pakikilaban ng Brigada del Pilar. Sa sandaling pamamahinga doon ay nagkaroon ng isang maselan at mabigat na pangyayari na nailigtas ng isang mabuting pagkakataon. Kinabukasan sina: Heneral MacArthur, Ama at Lawton ang aming nakaharap sa mga labanan sa Baliwag, Bustos, Cruz na Daan ng San Rafael, San Ildefonso at San Miguel. Sa San Ildefonso sa pagitan ng kabayanan at Maasim nagkaroon ng mahigpit na labanan at dito ako tinamaan ng punlo ng mga kaaway sa kanang hita. Pagkatapos ng labanan ay nagtungo kami sa Sibul, San Miguel upang mamahingang muli.

Nang buwan ng Mayo, 1899 ang Hen. del Pilar ay tumanggap ng isang utos na galing sa pangulong Aguinaldo ng siya'y tagpuin sa San Isidro, Nueva Ecija kasama ang kaniyang mga kawal. Pagdating doon ay sinabing

siya'y sumama sa Banban, Mabalakat at Angeles dahil sa isang maselan at mahalagang pakay. Pagkatapos naming makakain ng hapunan ay nilapitan ako ng magkapatid na Hen. at Cor. del Pilar. Nakikilala ba ninyo si Hen. Luna? Ang sagot ko'y opo. Siya'y hahanapin at huhulihin sa buhay o patay, sapagka't siya'y nasasakdal sa kasalanang "ALTA TRAICION."

Pagdating namin sa bayang nabanggit ay isinagawang lahat ang dapat gawin. Pagkatapos magampanang lahat ang mga bagay-bagay na iniatas ng Pangulo sa Hen. del Pilar, ay iniutos naman ng Hen. Aguinaldo na dalhin ang kaniyang Brigada sa Dagupan, Pangasinan upang humalili sa mga kawal na nahihimpil doon na nasa ilalim ng pamamahala ni Hen. Manuel Tinio. Linisin ang lalawigan sa mga katiwaliang nangyayari, kung sakaling mayroon. Samantalang kami naririto ang mga kawal na taga lalawigan ng Bulakan sa pamamahala ni Hen. Del Pilar ginawang lahat ang paglilinis sa atas ni Hen. Aguinaldo at nagpasunod ng mabuti at gumawa ng bagay-bagay na sukat ikapuri ng mga taga Bulakan. Dahil dito ang isa sa mga pinakamaganda at mayamang dalaga ng Dagupan ang naging GANTINGPALA sana sa mabuting pamamahalang ipinamalas samantalang nanatili doon ang Brigada del Pilar. Bakit? Sana nga.

Ang Brigada del Pilar ay tumagal sa Dagupan ng mahigit na limang buwan, mula sa buwan ng Hunyo hanggang Nobyembre ng taong 1899. Nang magtatapos ang buwang ito ay tumanggap si Hen. del Pilar ng isang pahatid kawad na galing sa Hen. Aguinaldo na doo'y sinasabing siya at ang kaniyang pangkat ay abangan o

tagpuin sa Sta. Barbara, Pangasinan kasama ang kaniyang Brigada. Matapos mabatid ang utos, ay daling ipinaalam sa lahat ng mga pinuno ng kaniyang nasasakupan, na sa ika 2:00 n.h. ay lalakad ang lahat upang tagpuin ang pangkat ng Pangulo sa nasabing bayan. Bago nagsialis o lumakad si Hen. del Pilar ay naparoon sa bahay na aking tinitirhan at sinabing ako'y maiwan na pagkat may karamdaman. Hindi ako kumibo at nagpatuloy ang Heneral sa pagalis. Ng ika-3:30 n.h. tinawag ko ang kawal na iniwan sa akin na kunin ang kabayo at lagyan ng montura o siya, at tayo'y susunod sa kanila. Nang makita ako ng Heneral ay sinabing ikaw pala'y sumama rin. Bakit? Ang sagot ko'y saka ko na sasabihin ang dahilan.

Nang magkasamasama doon ang bilang ng lahat ng kawal ay umabot sa dalawang libo (2,000) at ito'y inilagay sa ilalim ng kapangyarihan at pamamahala ni Hen. del Pilar. Naghanda na ang lahat at pinasimulan ang paglakad. Pagdating sa bayan ng Manaoag, Pangasinan ay napalaban ang mga naglalakbay sa mga kawal na pinamumunuan ni Hen. Young. Sa sagupaang ito ang lakas pinagsama ay nahati sa dalawa. Kaming nangungunang pinamamahalaan ni Hen. Del Pilar ang siyang nakalusot at nakaiwas sa kalaban kasama si Hen. Aguinaldo. Ang panghuli na pinamamahalaan ni Coronel Montenegro at Hen. Concepcion ay naiwan at nahiwalay sa amin. Dito kasama ang ina ng Pangulong Aguinaldo, anak na lalaki at si Coronel Leyba.

Pagkaraan ng labanan dito ay nilakbay namin ang dalawangpu't dalawang bayan ng mga lalawigan ng Pangasinan, La Union at Ilokos Sur bago kami nakarating

sa bayan ng Concepcion, ngayo'y Hen. del Pilar na, Ilokos Sur na nakasasakop sa bundok ng Tirad. Mula dito umakyat kami sa bundok. Pagdating sa gulod si Hen. del Pilar ay bumaba sa kabayong kaniyang sinasakyan at namahingang sandali sa ibabaw ng isang batong malaki. Pagkatapos ay nagmasid-masid at sinabing: "MAINAM NA POOK ITO: HINDI MAAARING MAKUHA KAAGAD-AGAD NG MGA AMERICANO KUNDI SA IBABAW NG AKING BANGKAY SILA MAGDAAN!" Dagling ipinagutos sa aming ipagawa ang tatlong tanggulan sunod-sunod. Pagkayari ay nilagyan ang mga tanggulan ng mga kawal na magsasanggalang pati ng mga landas na maaaring pagdaanan ng mga kaaway.

Pagkatapos ng lahat ng gawain ay bumaba kami sa Angaki kasama si Hen. Aguinaldo. Tumigil ang pangkat dito. Pagkaraan ng ilang araw bumaba sila sa Cervantes. Ako'y naiwan dito at nagantay hanggang sa pagbalik ng Hen. del Pilar, sapagka't ganito ang sabi niya sa akin bago umalis. Nang ika-30 ng Nobyembre, sa ganap na ika-1:30 n.h. ay dumating buhat sa Cervantes ang Hen. del Pilar at mga kasama. Dito kaming lahat nagparaan ng gabi. Pagkaumaga ay tumanggap ng pasabi na ang mga kawal na nasa tanggulan ay nakikipaglabang mabuti sa mga Amerikano. Kaya noon din kaming lahat ay umakyat sa bundok ng Tirad. Pagdating sa itaas ako'y inatasang tingnan ang mga kawal na nasa landas sa gawing kanan ng Tirad. Nang ako'y pabalik na ay kasalukuyan ang putukan sa magkabilang panig. Ang aking mga kasama'y hindi na nakalapit sa pook na kinalalagyan ng Hen. del Pilar, sapagka't hindi makita ang daraanan gawa ng makapal na usok dahil sa masinsing putukan. Kaya nang mapawi ang

usok at nahinto ang putukan ay bigla na lamang aming tinanggap ang pagkamatay ni Hen. del Pilar. Dagli naming ipinagbigay alam kay Hen. Aguinaldo sa Cervantes ang nangyari.

Kinabukasan umalis kami dito at nagtungo sa Bontok. Dito nagparaan ng gabi. Pagkaumaga ay bigla na lamang kaming tumanggap ng pasabi na ang mga Amerikano ay malapit na sa amin, kaya ako'y nawalan ng panahong makuha pa ang aking kabayong nakasuga at naabutan ng mga Americano. Ako'y napahiwalay sa pangkat kasama ang ilang kawal na taga Bulakan. Samasamang tinalaktak namin ang mga bundok patungo sa bayan ng Tagudin, Ilokos Sur. Bago namin sinapit ang isa mga nayon ng bayang Tagudin ay labing isang "RANCHERIA" o mga pook na tinitirhan ng mga Igorote. Sa mga pook na tinigilan namin ay wala kaming kinakain maliban sa KALABASA AT KAMOTE na bigay ng mga Igorote.

Sa nayong aming sinapit ay nataunan namin ang isang angkang nakaririwasa sa bayan ng Tagudin ay nagliliwaliw doon. Kami ay pinatuloy at pinakain sa loob ng mahigit dalawangpung araw. Dito ako natuto ng kaunting wikang Ilocano. Mula dito ay ipinahatid sa kabayanan sa pamamagitan ng isa sa kanilang katulong sa bahay. Pagdating namin sa bayan ay nagkita kami ng aking kaibigang Lardizabal na nakasama ito sa bahay ng panahong nagaaral sa Maynila. Ang ginawa naman ng aking kaibigan, makaraan ang ilang araw, ay ipinahatid kami sa Dagupan sa pamamagitan ng pagsakay sa kariton hila ng baka, bilang mangangalakal ng tabako. Sa aming tinuluyan sa nayon at kabayanan ay wala kaming inalalang kundi kagandahang

loob ang sa amin ipinakita samantalang nanunuluyan sa kanila.

Naging mahigit kaming isang buwan sa Dagupan, pagkat walang pagkunan ng sapat na halagang maibayad sa tren. Kami'y doon tumuloy at nanuluyan sa dating bahay na aking tinirahan bago sumama sa pangkat ng Hen. Aguinaldo. Sa tulong lamang ng matandang Jacinta na may-ari ng bahay ay nakapamalagi kami doon ng walang inaalaalang ano man.

Isang araw na hindi naming inaaasahan ay sa darating ang katulong (asistente) ni Kapitan Jose de los Reyes na galing sa Bulakan na inutusan ni Coronel Julian H. del Pilar na ako'y hanapin sapagka't talos niyang may sakit ako ng sila'y umuwi sa Bulakan ng buwan ng Setyembre ng 1899. Pinauwi ang nasbing katulong. Sabihin sa aking mga magulang na ako'y lumakas at gumaling sa pamamagitan ng aming paglalakbay sa mga bundok na dinaanan namin bago nakarating sa Dagupan. Padalahan ako ng halagang TATLONG PUNG PISO pagkat may kasamang kawal na taga Bulakan. Nang dumating ang halagang hiningi ko ay saka pa lamang kami nakauwi sa sariling bayan.

Sa huling talata at pangkatapusan ay aking pagbabalikang alalahanin ang UNANG REGIMIENTO ng BRIGADA DEL PILAR na binuo ng ISANG LIBO DALAWANG DAAN AT APAT NA PUNG KAWAL at TATLONG PUT WALONG MGA PINUNO AT PUNO. Sa mga kawal ay bihira na ang aking nakikita. Ang mga Pinuno at Puno ay kinunan ng larawan matapos matatag ang

hukbo ng buwan ng Hulyo ng taong 1898. Ang malaking larawan ay aking iniingatan hangga ngayon sa aking bahay sa Pitpitan, Bulakan. Sa alin mang sandaling makita ang nasabing larawan ay dalawang bagay agad ang maghahari sa aking kalooban. Una: ang dalanging kahimanawari ang aking mga naging kasamang nagsiyao na ay nasa piling ng Dakilang Bathala. Ikalawa: ang pasasalamat sa Maykapal na hanggang ngayo'y binibigyan pa ng mahabang buhay, baga man nagiisa na.

Pitpitan, Bulakan, Bulakan o 37 Arayat, Cubao,
Lunsod ng Quezon
Hunyo 12, 1958

ISIDRO WENCESLAO'S SUMMARY OF RECORDS

Name: Isidro Wenceslao and Bustamante

Parents: Daniel Wenceslao and Bernarda Bustamante

Date of Birth and Place: May 12, 1878, at Pitpitan,
Bulakan, Bulakan

Educational Attainment and Qualifications:

1. Bulacan Public Schools, 1889-1893
2. Escuela Normal de Maestros in Manila, 1893 to 1896
3. Gen. G. H. del Pilar Elementary School, 1912 to 1915
4. High School, 1915-1919
5. Passed the Junior Teacher Examination, 1924

Civil Service Eligibility: Junior Teacher

Government Service:

1. Served in the Bureau of Education for 46 years, 6 months, and 14 days from October 1, 1905, to June 15, 1952.
2. Retired: June 16, 1952.

Other Services:

1. Served during the Philippine Revolution from November 1896 to 1901.
2. Served as AIDE-DE-CAMP of Gen. Gregorio H. del Pilar from July 1898 to December 2, 1899.
3. Served as ADJUTANT to Gen. Emilio Aguinaldo from 1950 to February 1964.
4. Served as Member of Board on Pension for Veterans, Philippine Revolution, from January 24, 1951, to October 1960.
5. Retired: 1902 with a rank of Captain. NOTE: Please see the attached list of services attached to the application for pension filed at the office of the Philippine Veterans Administration, Veterans Memorial Building, Arroceros, Manila.

Affiliation to Civic and Other Organization:

1. Bulacan Province Association of Teacher, Member.
2. Katipunan founded by Andres Bonifacio May 16, 1896.
3. Nilad Lodge No. 16, Grand Lodge of the Philippines, 1917.
4. Malolos Lodge No. 46, Malolos, Bulacan, 1918 to 1972.
5. Manila Lodge of Perfection, Grand Ledge, 1922.
6. AVR, Bulacan Province, November 22, 1923 to 1972.

7. Bulacan Gardener's Club, President, 1932.
8. Kag. Hen. G. H. del Pilar, President, 1932 to 1971.
9. Samahan NORA CHANAY, Kupang, Bulakan, Adviser, 1940.
10. Alagad ni Plaridel, Bulakan, Bulakan, Member, 1940-1972.
11. Malolos Lodge No. 46, Worshipful Master, 1969.